**Republika ng Pilipinas**
*(Republic of the Philippines)*
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
*(DEPARTMENT OF EDUCATION)*
**PAMBANSANG PUNONG REHIYON**
*(NATIONAL CAPITAL REGION)*
Daang Misamis, Bago Bantay, Lungsod Quezon
(Misamis St., Bago Bantay, Quezon City)
*Telephone: (02) 9205824; Telefax: (02) 9269254*

# MESSAGE TO THE GRADUATES



My warmest congratulations to all the graduates and to all school administrators and personnel, teachers, and parents who supported and continue to guide our youth for them to reach this important milestone in their lives!

This day is a testament of your value for life formed and shaped by education.

Each one of us has our own meaning of life. We also describe a correct and acceptable life differently.

A correct and acceptable life for me is a life full of meaning and purpose. It is also a life free from suppression. An example is having the capacity to choose and decide wisely on how and where to spend one's time, the freedom to do one's task, the responsible expression of one's feelings and beliefs, and even the simple decision-making on what to buy also shape the kind of life you have. Therefore, a correct and acceptable life is having the capacity to enjoy what life has to offer and to experience the good possibilities in life.

To our dear graduates, I am hoping that the theme *"Saktong Buhay: Sa De-kalidad na Edukasyon Pinanday"* will be imprinted in your mind and will continue to guide you so that you will have a correct and acceptable life not only for yourself but also for others, and most of all for our nation.

To those who are working in our schools, I am also hoping that it will serve as a reminder of our mission and vocation to mold and shape the lives of our youth for the good future of our country.

Again, congratulations to all the graduates! I wish for your success!

*Mabuhay ang edukasyon para sa buhay! Mabuhay kayong lahat!*

**LUZ S. ALMEDA**
Direktor IV

**Republika ng Pilipinas**
*(Republic of the Philippines)*
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
*(DEPARTMENT OF EDUCATION)*
**PAMBANSANG PUNONG REHIYON**
*(NATIONAL CAPITAL REGION)*
Daang Misamis, Bago Bantay, Lungsod Quezon
(Misamis St., Bago Bantay, Quezon City)
*Telephone: (02) 9205824; Telefax: (02) 9269254*

## MENSAHE SA MGA MAGSISIPAGTAPOS



Mainit na pagbati sa lahat ng ating mga magsisipagtapos, at sa lahat ng tagapamahala at kawani ng paaralan, mga guro, at mga magulang na tumulong at patuloy na gumagabay sa ating kabataan para makarating sila sa mahalagang puntong ito ng kanilang buhay.

Ang araw na ito ay isang patunay ng inyong pagpapahalaga sa buhay na hinubog at pinanday ng edukasyon.

Ang bawat isa sa atin ay may kanya-kanyang pakahulugan ng buhay. Iba-iba rin ang ating paglalarawan ng isang buhay na "sakto."

Ang saktong buhay para sa akin ay buhay na puno ng kahulugan at layunin. Ito rin ay isang buhay na malaya sa paniniil. Halimbawa ay ang pagkakaroon ng kakayahang pumili at magpasya nang matalino sa kung paano at saan mo gugugulin ang oras, ang iyong kalayaang gawin ang iyong responsibilidad, ang iyong responsableng pagpapahayag ng damdamin at paniniwala, at maging ag simpleng pagpapasya kung ano ang iyong bibilhin ay humuhubog din sa uri ng buhay na mayroon ka. Samakatuwid, ito ay ang pagkakaroon ng kakayahang tangkilikin ang lahat ng bagay na iniaalok ng buhay at kung paano nilalasap ang mga mahahalagang posibilidad na ito.

Mga magsisipagtapos, ako ay umaasa na ang temang "Saktong Buhay: Sa De-kalidad na Edukasyon Pinanday" ay tatatak sa inyong kaisipan at magbibigay gabay para makamit ninyo ang "saktong buhay" hindi lamang para sa sarili kundi para sa kapwa, at higit sa lahat para sa bayan.

Para sa ating mga nasa paaralan, ito nawa'y magsilbing isang paalala ng ating misyon at bokasyon na humubog o pumanday ng buhay para sa magandang kinabukasan ng ating bayan.

Muli, binabati ko ang mga magsisipagtapos. Hangad ko ang inyong tagumpay.

Mabuhay ang edukasyon para sa buhay! Mabuhay kayong lahat!

**LUZ S. ALMEDA**
Direktor IV